

# Ang Batas Laban sa **PANGGAGAHASA**

(Republic Act Nos. 8353 at 8505, at mga kaugnay  
na batas at desisyon ng Korte Suprema)

**Isang Praymer**

*Inilathala ng*  
**Women's Legal Bureau, Inc.**

*sa pakikipagtulungan ng*

**National Commission on the Role of Filipino Women**  
*at*

**United Nations Population Fund**

1998

## INTRODUKSYON

Isang karahasang kasuklam-suklam ang panggagahasa. Sa mga babae ang pangambang magahasa ay nagbabawal ng maraming bagay. Hindi sila maaaring lumabas nang gabi o di kaya'y magsuot ng mga komportableng damit. Hindi sila basta-basta makalakad nang mag-isa o makapunta sa mga lugar na gustong puntahan nang walang kasama.

Maraming nagiging biktima ng dahas ng panggagahasa araw-araw. Karaniwan ay kababaihan at mga batang babae. Ngunit sa iba't ibang kadahilanan, karamihan sa mga biktima ay hindi nagkalakas-loob na maghayag ng karanasan at maghabla ng may sala. Pangunahing dahilan ng kanilang pananahimik ang kawalan ng suporta at pang-unawa sa kanilang karanasan at pangangailangan. Isa rin sa mga dahilan ang kawalan ng kaalaman hinggil sa kanilang mga karapatan at sa ligal na proseso ng paghahabla.

Layon ng praymer na ito na magbigay kaalaman ukol sa panggagahasa bilang isang krimen. Layon din nito na makapagbahagi ng kaalaman hinggil sa prosesong ligal at mga maaaring gawin sa mga kaso ng panggagahasa. Ang pagkakaroon ng ganitong kaalaman ay maaaring makatulong sa pagdedesiyon ng mga biktima na tugunan ang paglapastangan sa kanila. Tulong din ito sa iba't ibang grupong nagbibigay ng serbisyo at suporta sa mga nagahasa.

Ang pokus ng praymer na ito ay ang *Republic Act No. 8353* hinggil sa panggagahasa na inaprubahan noong Setyembre 1997. Binago ng *Republic Act No. 8353* ang batas hinggil sa panggagahasa na nakasaad sa *Revised Penal Code*. Kasama rin dito ang mga desisyon ng Korte Suprema kaugnay ng panggagahasa. Tinatalakay din ang ligal na proseso sa pagsampa ng kaso, at ang *Republic Act No. 8505 (1998)* na nag-aatas ng pagtatatag ng mga *crisis centers* na magbibigay ng serbisyo sa mga biktima ng panggagahasa.



na

m:

hi

isi

an

gir

ah.

na:

## MGA KARANIWANG PANIWALA

### TUNGKOL SA PANGGAGAHASA

Ganito ang ilan sa mga karaniwang palagay sa mga nagagahasa:

“Ang lakas naman kasi ng loob niyang maglakad nang mag-isa kahit gabi...”

“Dapat kasi nasa bahay na sa gabi ang babae, para hindi magahasa.”

“Masyado naman kasing maiiksi ang mga damit na isinusuot niya eh...”

“Paano ka nagahasa? Hindi ka naman maganda ah...”

“Matanda na siya para magahasa. Sino pa ba naman ang magkakainteres sa kanya?”

“Malandi talaga ang babaeng ‘yan. Tama lang na ginahasa siya!”

“Pumayag naman siyang magpahalik at magpahipo, ah. Wala siyang karapatang magreklamo na siya’y ginahasa.”

“Bakit siya nagrereklamo na siya’y ginahasa, eh prosti naman siya...”

## ANG KATOTOHANAN

Walang pinipiling babae ang panggagahasa. Kahit ano pa ang kanyang hitsura, maputi o maitim, mayaman o mahirap, bata o matanda, may asawa o wala, at kahit siya pa ay *prostitute*, siya ay maaaring magahasa. Batay sa datos, karamihan sa mga kasó ng panggagahasa ay ginawa ng mga taong kakilala at kapamilya ng mga biktima. Samakatwid, hindi lamang nanganganib na magahasa ang mga babae sa labas ng bahay. Katunayan, sila ay nanganganib din o mas nanganganib na magahasa sa loob ng bahay o sa kamay ng mga taong kanilang kakilala o pinagkakatiwalaan.

Marami ang naniniwalang kahit paano ay may kasalanan ang babae kaya nagagahasa. Ngunit ang totoo, walang babae ang nagnais o nagnanais maranasan ang dahas ng gahasa. Hindi madali sa isang babae na magpatuloy ng normal na pamumuhay pagkatapos magahasa. Mahirap din ang pagdedesisyon na maglahad ng karanasan at magreklamo. Pero sa kabila ng nilapastangang pagkatao at nilamog na katawan, madalas na babae pa rin ang siniñisi sa mga panggagahasa.

Walang ibang pinag-uugatan ang panggagahasa kundi ang tahasan at pangkalahatang pagmamaliit sa pagkatao ng kababaihan, at pagtingin na sila ay nabubuhay sa mundo bilang mga tagapagsilbi ng kalalakihan, tagapagbigay-aliw, parausan o *sex objects*. Dito nag-uugat ang lahat ng paglapastangan sa kababaihan.

sa

ak  
sir

## ANO ANG PANGGAGAHASA?

Ang panggagahasa ay isang krimen.

Sa ilalim ng batas, ang panggagahasa ay isinasagawa sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na akto:

- (1) pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae; o
- (2) pagpasok ng ari ng lalaki sa puwet ng babae o lalaki; o
- (3) pagpasok ng ari ng lalaki sa bibig ng babae o lalaki; o
- (4) paggamit ng isang tao, lalaki man o babae, ng anumang bagay o instrumento at pagpasok nito sa ari ng babae o sa puwet ng babae o lalaki.

Kinakailangang ang paggawa ng alinman sa mga aktong nakasaad sa itaas ay may mga kaakibat na sirkumstansya na alinman sa mga sumusunod:

- may paggamit ng puwersa, pananakot o intimidasyon; o
- may paggamit ng mapanlinlang na pagmamaniobra (*fraudulent machination*) o matinding pag-abuso ng kapangyarihan; o
- ang biktima ay wala sa tamang pag-iisip o walang malay; o
- ang biktima ay hindi pa umaabot sa labindalawang (12) taong gulang.

Ang depinisyon ng panggagahasa ay ayon sa *Republic Act No. 8353*, isang bagong batas na ipinasa noong Setyembre 1997 at nagpalawak sa depinisyon ng panggagahasa sa *Revised Penal Code*. Tingnan ang Apendiks A para sa kopya ng *Republic Act No. 8353*.

### **SINO ANG MAAARING MAGING BIKTIMA NG PANGGAGAHASA?**

Sa ilalim ng batas, babae man o lalaki ay maaaring maging biktima ng panggagahasa (*Art. 266-A, Revised Penal Code*, na binago ng *Republic Act No. 8353*). Gayunpaman, kababaihan at mga batang babae ang karaniwang biktima.

### **SINO ANG MAAARING MANGGAGAHASA?**

Lalaki man o babae ay maaaring manggagahasa (*Art. 266-A, Revised Penal Code*, na binago ng *Republic Act No. 8353*).

Maaaring gahasain din ng isang lalaki o babae ang kanyang asawa. Ito ay malinaw na kinikilala at pinaparusan sa kasulukuyang batas (*Art. 266-C, Revised Penal Code*, na binago ng *Republic Act No. 8353*). Ang panggagahasa sa asawa ay karaniwang tinatawag na *marital rape*.

## **ANO ANG MARITAL RAPE?**

Itinuturing ng *Republic Act No. 8353* na panggagahasa ang pagsasagawa laban sa asawa ng alinman sa mga akto at sirkumstansya na sakop ng depinisyon ng batas ng panggagahasa. Tinatawag na *marital rape* ang panggagahasa sa asawa bagamat hindi ginagamit ang terminong *marital rape* sa batas. Ang parusa sa *marital rape* ay pareho rin sa iba pang klase ng panggagahasa.

## **SINO ANG MAAARING MAGSAMPA NG REKLAMO NG PANGGAGAHASA?**

Hindi lamang ang biktima ang maaaring magsampa ng reklamo ng panggagahasa. Kahit sinong tao, kapamilya man o hindi ng biktima, ay maaaring magsampa ng reklamo. Ito ay dahil ang panggagahasa ay isa nang publikong krimen (*public crime*). Ang pagiging publikong krimen ng panggagahasa ay nagmumula sa kasalukuyang pagkategorya nito bilang *Crime Against Persons* (Sec. 2, *Republic Act No. 8353*). Dati, ang panggagahasa ay itinuring na *Crime Against Chastity* at pribadong krimen (*private crime*), kaya ang biktima lamang ang makakapagsampa ng reklamo at, sa ilang mga pagkakataon, ang mga magulang, lolo't lola o *guardian*. Binago ito ng *Republic Act No. 8353*.



Ang pagturing ng kasalukuyang batas sa panggagahasa bilang *Crime Against Persons* at publikong krimen ay malinaw na pagkilala na ito ay isang paglabag sa buong pagkatao ng biktima, at isa itong isyung panlipunan na dapat tugunan.

### **PANGGAGAHASA SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT NG PUWERSA, PANANAKOT O INTIMIDASYON**

May kaakibat na puwersa ang panggagahasa kung gumamit ng pisikal na lakas para maisagawa ang akto. Halimbawa nito ay ang pagsuntok, paghawak o pagtali ng mga kamay o paa ng biktima, pagkubabaw o pagdagan sa kanya, paghila, pagtulak, o pagtakip sa kanyang bibig.

Ayon sa Korte Suprema, ang puwersang ginamit sa panggagahasa ay hindi kinakailangang matindi o iyong hindi maaaring labanan. Kailangan lamang na ang puwersang ginamit ay sapat upang maisagawa ang panggagahasa.

Ilan sa mga halimbawa ng pananakot o intimidasyon ayon sa mga desisyon ng Korte Suprema ay ang (1) pagbabantang saktan o patayin ang biktima (may sandata man o wala) o sinumang malapit sa kanya; (2) paggamit o pagpapakita ng anumang sandata; o (3) pagbulyaw. Sa ilang mga kaso, kinilala ng Korte Suprema na kung ang maysala ay may kapangyarihan o matinding impluwensya sa biktima (halimbawa, ang maysala ay tatay, tiyo, o kamag-anak), ang kapangyarihan o impluwensyang ito ay sapat na upang magdulot ng dagling takot.

**PANGGAGAHASA SA PAMAMAGITAN NG MAPANLINLANG  
NA PAGMAMANIOBRA (FRAUDULENT MACHINATION) O  
MATINDING PAG-ABUSO NG KAPANGYARIHAN**

Ang mapanlinlang na pagmamaniobra ay tumutukoy sa mga pamamaraan na halatang pinag-isipan o pinagplanuhan para makapanloko at magawa ng maysala ang panggagahasa. Dahil ang sirkumstansyang ito ay idinagdag lamang ng *Republic Act No. 8353* noong 1997, wala pang kasong pinagpasyahan ang Korte Suprema hinggil dito na maaaring magsilbing halimbawa.

Ang matinding pag-abuso ng kapangyarihan ay tumutukoy sa mga kaso kung saan ginamit ng maysala, gaya ng tatay o tiyo, ang kanyang kapangyarihan sa biktima upang maisakatuparan ang panggagahasa.

**PANGGAGAHASA SA TAONG KULANG SA PAG-IISIP**

Ang isang taong kulang sa pag-iisip (baliw, *mental retardate*, o mahina ang isip) ay itinuturing ng batas na walang kakayahang magbigay ng pahintulot sa isang ugnayang sekswal. Itinuturing na panggagahasa, halimbawa, ang pagkakaroon ng sekswal na ugnayan sa isang batang 13 taong gulang na may pag-iisip ng isang limang taong gulang.

**PANGGAGAHASA SA TAONG WALANG MALAY**


Ang ilan sa mga halimbawa ng paggahasa sa mga walang malay, ayon sa mga kasong dinesisyunan ng Korte Suprema, ay ginanap sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansya:

- habang ang babae ay tulog o kaya'y kagigising pa lamang;
- habang ang babae ay nanghihina at matamlay dahil sa pagkakasakit;
- habang ang babae ay walang malay matapos itong hampasin, suntukin o sakalin ng lalaki;
- habang ang babae ay nahihilo o natutulog dahil pinainom o pinaamoy ng pampatulog.

**PANGGAGAHASA SA BATANG WALA PANG 12 TAONG GULANG**

Ang isang batang wala pang 12 taong gulang ay itinuturing ng batas na walang kakayahang magpasya o wala sa hustong pag-iisip upang sumang-ayon sa isang ugnayang sekswal. Kung ang aktong ginawa sa batang wala pang 12 taong gulang ay alinman sa mga aktong nakasaad sa batas hinggil sa panggagahasa, ito ay itinuturing kaagad na panggagahasa kahit pa mistulang pumayag ang biktima. Ito ay tinatawag na *statutory rape*.

Sa ganitong klase ng panggagahasa, dalawa lamang ang dapat patunayan. Una, na ginawa ng akusado sa biktima ang isa sa mga aktong sakop ng depinisyon ng panggagahasa (maaaring pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae, o sa puwet o bibig ng babae o lalaki; o paggamit ng anumang instrumento o bagay at pagpasok nito sa ari ng babae, o sa puwet ng babae o lalaki), at pangalawa, na ang biktima ay wala pang 12 taong gulang.



## ANO ANG EPEKTO NG PAGPAPATAWAD NG

## BIKTIMA SA NANGGAGAHASA SA KANYA?

Dahil ang panggagahasa ay isa nang publikong krimen, hindi kinikilala ng bagong batas ang pagpapatawad ng biktima bilang dahilan upang *i-dismiss* ang kaso o mawalan ng kriminal na pananagutan ang maysala. Kahit na may pagpapatawad, maaari pa ring magsampa ng kaso laban sa nanggahasa ang sinumang taong may alam tungkol dito. Kung may kaso nang naisampa, ang pagpapatawad ng biktima ay hindi hadlang sa pagpapatuloy ng kaso ng sinumang interesadong ituloy ito.

Gayunpaman, sa praktikal na usapin, ang kawalan ng kooperasyon ng biktima sa pagpapatuloy ng kaso ay malamang maging hadlang sa pagpapatunay ng panggagahasang ginawa ng akusado. Ito ay dahil kadalasan, walang ibang testigo sa panggagahasa maliban sa biktima mismo, at kung ayaw niyang tumestigo, walang makapagpapatunay sa totoong nangyari.

Ang pagpapatawad ay kinikilala ng batas na sapat na dahilan para itigil ang kaso o mawalan ng kriminal na pananagutan ang maysala kung:

- (1) *ang nanggahasa ay asawang lalaki at pinatawad siya ng babae (Art. 266-C, Revised Penal Code, na binago ng Republic Act No. 8353);*

Kailangang maliwanag ang pagpapatawad na ito. Hindi maaaring ito ay ipinahiwatig lamang ng biktima. Tuwiran at maliwanag na pagpapatawad ang hinihingi ng batas upang mapawalang-bisa ang sakdal laban sa nanggahasa o mawalan ito ng kriminal na pananagutan.

Sinasabi rin ng batas na walang epekto ang pagpapatawad ng babae sa kanyang asawa kung ang kanilang kasal ay walang bisa sa simula pa lamang.

*(2) ang pagpapatawad ay ipinakita sa pamamagitan ng pagpapakasal ng biktima sa nanggahasa (Art. 266-C, Revised Penal Code, na binago ng Republic Act No. 8353);*

Kapag nagpakasal ang biktima sa nanggahasa, mawawalan ng saysay ang kasong isinampa sa piskal o korte, o isasantabi ang parusa kung ito ay naipataw na sa nanggahasa. Mawawalan din siya ng karapatang magsampa ng kaso hinggil sa naganap na panggagahasa. Ngunit kailangang maipakitang ang pagpapakasal ay ginawa nang may mabuting intensyon at hindi para lamang mapawalang-bisa ang sakdal o maiwasan ang kriminal na pananagutan. Kailangan ding ang kasal ay may bisa.

## ANO ANG PARUSA SA

## KRIMEN NG PANGGAGAHASA?

Ang parusa sa krimeng panggagahasa ay nakabatay sa aktong ginawa at sa mga sirkumstanya nito.

Kung ang panggagahasa ay isinagawa sa pamamagitan ng pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae, ang batayang parusa ay *reclusion perpetua*, o pagkabilanggo ng hindi kukulangin sa 20 taon at isang araw, at hindi lalampas sa 40 taon. Maaaring maging kamatayan ang parusa kung ang panggagahasang ito ay may kaakibat na sirkumstansya na nakasaad sa batas tulad ng kung ang panggagahasa ay isinagawa sa harap ng asawa, magulang o anak ng biktima, o ang biktima ay mababa sa pitong taong gulang o pinatay. (Tingnan ang *Art. 266-B* sa *Republic Act No. 8353* sa Apendiks A para sa iba pang mga sirkumstanya na kung saan ang parusa ay kamatayan.)

Kung ang panggagahasa naman ay sa pamamagitan ng pagpasok ng ari ng lalaki sa bibig o sa puwet ng babae o lalaki, o sa pamamagitan ng paggamit ng anumang bagay o instrumento at pagpasok nito sa ari ng babae o sa puwet ng babae o lalaki, ang batayang parusa ay *prision mayor*, o pagkabilanggo ng hindi kukulangin sa anim na taon at isang

araw, at hindi hihigit sa 12 taon. Maaaring tumaas ang parusa hanggang *reclusion temporal* (pagkabilanggo ng hindi kukulangin sa 12 taon at isang araw at hindi hihigit sa 20 taon) o *reclusion perpetua* (o pagkabilanggo ng hindi kukulangin sa 20 taon at isang araw at hindi hihigit ng 40 taon) depende sa mga sirkumstanya na kaakibat ng panggagahasa. (Tingnan sa Art. 266-B sa *Republic Act No. 8353* sa Apendiks A para sa mga sirkumstanya na kung saan ang parusa ay mas mataas sa *prision mayor*.)





## ANO ANG EPEKTO NG PAGKAKAIBA NG PARUSA SA IBA'T IBANG PORMA NG PANGGAGAHASA?

Sa pangkalahatan, kung ang batayang parusa na itinatakda ng batas sa porma ng panggagahasang ginawa ay *reclusion perpetua* o kamatayan, ang akusado ay walang karapatang magpiyansa. Mananatili siyang nakakulong habang nililitis ang kaso. Ganunpaman, maaari siyang humingi ng pahintulot sa korte na hayaan siyang magpiyansa, ngunit kailangan niyang patunayan na hindi malakas ang ebidensiya laban sa kanya. Nasa korte ang kapangyarihan na magdesisyon tungkol dito. Samakatwid, sa pangkalahatan, ang mga akusado sa panggagahasang ginawa sa pamamagitan ng pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae ay walang karapatang magpiyansa dahil ang itinatakdang pinakamababang parusa sa panggagahasang ito ay *reclusion perpetua*.

Sa kabilang banda, sa pangkalahatan, kung ang batayang parusa na itinakda ng batas sa porma ng panggagahasang ginawa ay mababa sa *reclusion perpetua* (*reclusion temporal* o *prision mayor*), ang akusado ay may karapatang magpiyansa. Dahil ito ay isang karapatan, walang kapangyarihan ang korte na tanggihan o hadlangan ang pagpiyansa ng akusado. Ang tuntuning ito ay sumasakop sa mga panggagahasang ginawa sa pamamagitan ng pagpasok

ng ari ng lalaki sa bibig o puwet ng babae o lalaki, o paggamit ng anumang bagay o instrumento at pagpasok nito sa ari ng babae o sa puwet ng babae o lalaki.

**ANO ANG PANANAGUTAN NG MGA TAONG  
NAGBANTAY O TUMULONG NA MAISAKATUPARAN  
ANG PANGGAGAHASA?**


Ang mga taong nagbantay, nagmasid, o tumulong na maisakatuparan ang panggagahasa ay mananagot bilang kaisa rin sa krimen ng panggagahasa. Kung mapapatunayan na mayroong namagitan sabwatan sa mga ito at sa aktwal na nanggahasa, ang parusang ipapataw sa kanila ay katulad ng parusang ipapataw sa aktwal na nanggahasa. Sa sabwatang ito, ang krimen ng isa ay krimen ng lahat. Kung ang isinagawang pagtulong ng tao ay talagang kinailangan upang maisakatuparan ang panggagahasa, kahit pa man walang sabwatan, parehong parusa ang ipapataw sa kanya sa parusang ipapataw sa aktwal na nanggahasa.

Ang iba pang mga taong nanood o nagbantay sa ginawang panggagahasa, kung walang sabwatan sa aktwal na panggagahasa, ay papatawan ng mas mababang parusa kaysa sa taong aktwal na nanggahasa. Sila ay tinatawag na *accomplices*.

**PAANO KUNG NABUNTIS ANG BABAENG NAGAHASA?**

Kapag ang biktima ay nabuntis dahil sa naganap na panggagahasa, ang bata ay itinuturing na *illegitimate*, maliban na lamang kung nagpakasal ang biktima sa nanggahasa kung saan magiging lehitimo ang bata.

Ayon sa batas, ang kapangyarihang pangmagulang o *parental authority* sa batang ilehitimo, kasama ang *custody*, ay sa ina lamang. Gayunman, kapag mapatunayang ang nanggahasa ang siyang aina ng bata, may obligasyon itong bigyan ng pinansyal na suporta ang anak.



b  
P  
P  
s  
M  
S  
p  
n  
se  
se  
di  
m  
M  
ah  
na  
na

## ANO ANG MAAARING GAWIN

## KUNG MAY NAGAHASA?

(1) Higit sa kahit anupaman, nangangailangan ang biktima ng isang taong makakausap at uunawa sa kanyang pinagdaanan at magbibigay ng suporta sa kanyang pangangailangan. Makakatulong kung may masasabihan siyang taong mapagkakatiwalaan niya hinggil sa nangyari. Maaaring ito'y ang kanyang ina, kaibigan, kapatid o sinumang kapalagayang loob.

(2) Dahil matindi ang epekto ng panggagahasa sa pagkatao at pangkaisipang kalusugan ng biktima, mainam din na siya ay maisangguni sa isang *counselor* o *therapist* na sensitibo at may kasanayan sa paghawak ng mga kaso ng sekswal na pang-aabuso.

(3) Kung kinakailangan niyang umalis sa kanyang tirahan para sa kanyang seguridad, tulungan siyang makahanap ng ligtas na pansamantalang matutuluyan. Maaari siyang dalhin sa isang *crisis center* o iba pang ahensyang nagbibigay ng pansamantalang tirahan.

(4) Hangga't maaari ay ingatan ang mga ebidensiyang maaaring magamit sakaling ang biktima ay magdesisyong magsampa ng kaso.

(5) Mas mainam kung siya ay kaagad na magpatingin sa isang *medico-legal officer*, ngunit dapat isaalang-alang dito ang kanyang kahandaan para sa ganitong hakbang. Maaaring makatulong ang *medico-legal certificate* kung siya ay magsampa ng kaso. Kahit na matagal nang nangyari ang pang-aabuso, maaaring makakuha pa rin ng mahahalagang ebidensiya sa katawan. Ngunit dapat ipaalam sa babae na ang kawalan ng sugat sa ari o anumang bahagi ng katawan ay hindi nangangahulugang walang panggagahasang naganap o hindi na maaaring magsampa ng kaso.

(6) Kung ang babae ay magpasyang magsampa ng kaso, tulungan siya sa mga hakbang na dapat niyang gawin. Samahan siya kung kinakailangan.


(7) Ipaalam din sa kanya ang mga posibleng mangyari, itanong o usisain sa kanyang pagsasampa ng reklamo. Ihanda siya sa mga maaaring mangyari laluna ang posibilidad na hindi maging sensitibo ang mga doktor, pulis, abogado, at huwes sa kanyang kalagayan at karanasan.

(8) Kung kinakailangan at hiniling ng babae na sumangguni sa abogado, tulungan siyang isakatuparan ito. Pumili ng isang abogadong makauunawa ng kanyang kalagayan at nararamdaman.

(9) Makipag-ugnayan sa mga taong maaaring makatulong o sumuporta sa kanya.

# ANO ANG PROSESO NG PAGSAMPA NG KRIMINAL NA KASO?

Makikita sa sumusunod ang mahahalagang bahagi sa proseso ng pagsampa ng kriminal na kaso ng panggagahasa.



**MGA UNANG HAKBANG: PAGSAMPA NG REKLAMO SA  
PULIS AT PAGPAPA-EKSAMEN SA MEDICO-LEGAL OFFICER**

Maaaring mag-iba-iba ang unang hakbang sa pagsampa ng kasong panggagahasa depende sa kung anong tanggapan ang unang pinuntahan para humingi ng tulong. Pero kailangang kasama sa unang hakbang ang mga sumusunod:

- (1) *Pagpunta sa pinakamalapit na istasyon ng pulis o sa tanggapan ng National Bureau of Investigation (NBI) para magsampa ng reklamo.*

Dito ang biktima ay iinvestigahan at kukuhanan ng salaysay ukol sa mga detalye ng pangyayari. Dapat dalhin at ibigay sa *investigating officer* ang anumang ebidensiya sa kaso, gaya ng damit na may semilya.

Maaaring bago simulan, ituluy-tuloy o tapusin ng pulis o *NBI agent* ang kanyang imbestigasyon ay sabihan niya ang biktima na magpa-eksamen muna sa *medico-legal officer*.

- (2) *Pagpapatingin sa isang medico-legal officer. May mga medico-legal officers sa tanggapan ng NBI, o sa crime laboratory ng Philippine National Police (PNP), o mga pampublikong ospital.*

Kung naunang pumunta ang biktima sa isang *medico-legal officer* nang wala pang imbestigasyon (halimbawa, kung

sa ospital siya pumunta kung saan walang pulis o *NBI agent* na maaaring mag-*imbestiga*), dapat niyang dalhin ang *medico-legal report* sa pulis o *NBI office* para sa *imbestigasyon* at pagbibigay ng salaysay.

### ***Ano ang mga tungkulin ng pulis sa pag-iimbestiga ng kaso ng panggagahasa?***

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga tungkulin ng pulis sa pag-iimbestiga ng mga kaso ng panggagahasa:

- (1) Siguraduhing ang mga taong malinaw na pinahihintulutan lamang ng biktima ang nasa'loob o kasama sa kuwarto kung saan isinasagawa ang *imbestigasyon* (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*);
- (2) Kilalanin ang karapatan sa *privacy* ng nagreklamo at inirereklamo. Kung kailangan para sa isang makatarungan at walang kinikilingang *imbestigasyon*, at pagkatapos isaalang-alang ang mga sirkumstansya para sa kabutihan ng magkabilang-panig, gawing *closed-door* ang *imbestigasyon*. Maari niya ring ipagbawal ang pagpalabas sa publiko ng pangalan, personal na datos at anumang impormasyon na maaaring magpakilala sa biktima at/o sa inirereklamo, pati na rin sa mga detalye ng reklamo (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);



- (3) Ipabatid sa magkabilang-panig na maaaring gawin ang imbestigasyon sa wikang kanilang naiintindihan (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);
- (4) Gumawa kaagad ng ulat sa ginawang aksyon sa kaso (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*);
- (5) Dalhin agad ang kaso sa tanggapan ng piskalya para sa pangmadaliang imbestigasyon (*inquest*) kung ang akusado ay nakakulong; kung hindi, ang regular na proseso ng *preliminary investigation* ang siyang susundin (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*);
- (6) Ayusin ang *counseling* at serbisyong medikal ng biktima (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*).

**Ano ang mga tungkulin ng medico-legal officer sa pag-eksamen sa biktima?**

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga tungkulin ng isang *medico-legal officer* sa kanyang pag-eksamen sa biktima:

- (1) Magsagawa ng angkop, masusi at sensitibong *medico-legal examination* sa biktima nang may pagsasaalang-alang sa kanyang pakiramdam at karanasan; kaakibat nito ang pagpapaliwanag sa biktima sa proseso ng eksaminasyon at ang layunin nito;

- (2) Tiyaking ang mga taong malinaw na pinahihintulutan lamang ng biktima ang nasa loob o kasama sa kuwarto kung saan isinasagawa ang eksaminasyon (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*); at
- (3) Panatilihing lihim o *confidential* ang resulta ng eksaminasyon maliban na lamang sa pagbibigay ng kopya nito sa biktima at sa kinauukulan kaugnay sa isinampang kaso.

**Ano ang mga karapatan ng biktima sa proseso ng imbestigasyon at pagpapa-eksamen sa medico-legal officer?**

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga karapatan ng biktima sa proseso ng imbestigasyon at pagpapa-eksamen sa medico-legal officer:

- (1) karapatan sa isang angkop, sensitibo at mabilis na imbestigasyon ng pulis at mabilis na pagdulog ng kaso sa piskalya;
- (2) karapatan sa isang angkop at sensitibong *medico-legal examination*;
- (3) karapatang imbestigahan ng isang pulis at eksaminin ng isang *medico-legal officer* na pareho

ang kasarian sa biktima, at karapatan na hilingin ito (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*);

- (4) karapatang hilingin na maging *closed-door* ang imbestigasyon na isasagawa ng pulis sa kaso (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);
- (5) karapatang magdesisyon kung sino ang maaaring pumasok sa kuwarto kung saan isinasagawa ang imbestigasyon o *medico-legal examination*. Kaakibat ng karapatang ito ang pagpapalabas ng sinumang tao na ayaw ng biktima na magmasid sa proseso ng pag-imbestiga o pag-eksamen sa kanya (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*).
- (6) karapatang hilingin na huwag ilabas sa publiko ang kanyang pangalan, iba pang personal na datos at anumang impormasyon na maaaring magpakilala sa kanya, at mga detalye ng kanyang reklamo (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);
- (7) karapatang tumangging kausapin ang *media*;
- (8) karapatang mabigyan ng kopya ng kanyang salaysay at ng resulta ng *medico-legal examination*; at
- (9) karapatang mabigyan ng *counseling* at medikal na serbisyo (*Sec. 4, Republic Act No. 8505*).

## ***PRELIMINARY INVESTIGATION O INQUEST***

Pagkatapos ng imbestigasyon ng pulis o *NBI agent*, ang ulat hinggil sa kaso ay idudulog sa tanggapan ng piskalya. Dapat ding dalhin ng *investigating officer* sa piskalya ang lahat ng dokumentong may kinalaman sa kaso. Isasagawa ng piskal ang *preliminary investigation* o *inquest* pagkatapos niyang matanggap ang lahat ng dokumento.

Ang *preliminary investigation* ay isinasagawa para malaman kung mayroong sapat na batayan para maniwala na nangyari ang krimen, na may sapat na batayan para akusahan ang inirereklamo, at dapat siyang iharap sa paglilitis sa korte. Kung sa opinyon ng piskal ay may sapat na batayan ang reklamo, isasampa niya ang pormal na sakdal sa korte (tinatawag na *information*). Kung wala, *idi-dismiss* ang kaso. Maaaring i-apila sa *Department of Justice* ang anumang resulta ng *preliminary investigation*.

Sa *preliminary investigation*, ang nagrereklamo ay maaaring magsumite pa ng dagdag na sariling salaysay at salaysay ng kanyang mga testigo at iba pang mahalagang dokumento. Binibigyan din ng pagkakataon ang inirereklamo na magsumite ng *counter-affidavit*, o salaysay na sumasagot sa reklamo. Maaari rin siyang magsumite ng mga *affidavits* ng kanyang mga testigo. Maaaring magsagawa ang piskal ng *clarificatory hearing* kung saan siya ay magtatanong sa magkabilang-panig at kanilang mga testigo para sa paglilinaw ng mga detalye at isyu sa reklamo.

Sa ibang lugar kung saan walang piskal, ang *preliminary investigation* ay isinasagawa ng huwes ng *municipal trial court* o *municipal circuit trial court*.

Ang *inquest* ay ang mabilisang imbestigasyon na ginagawa ng piskal kapag ang inireklamo ay inarestong walang *warrant of arrest* (pero dapat pinahihintulutan ng batas ang pag-aresto na walang *warrant*) at nakakulong kahit na wala pang kaso sa korte. Ito ay isinasagawa nang mabilisan para maisampa kaagad ang kaso sa korte sa loob ng 36 na oras mula sa pag-aresto (sa mga kaso ng panggagahasa). Maaari ring *i-dismiss* ng piskal ang reklamo pagkatapos ng *inquest*, o di kaya ay ipadaan ang reklamo sa regular na proseso ng pag-iimbestiga na tinatawag na *preliminary investigation*.

Kung hindi nakakulong ang akusado, ang regular na proseso nang pag-iimbestiga (*preliminary investigation*) ang siyang susundin ng piskal.

Maaaring kumuha ng abogado ang biktima para maging tagapagtanggol niya sa *inquest* o *preliminary investigation*. Ngunit maaari ring wala siyang abogado.

### **Ano ang tungkulin ng piskal sa preliminary investigation o inquest?**

Tungkulin ng piskal sa *preliminary investigation* o *inquest* na:

- (1) Kilalanin ang karapatan sa *privacy* ng nagreklamo at inirereklamo. Kung kinakailangan para sa isang makatarungan at walang kinikilingang imbestigasyon, at pagkatapos isaalang-alang ang mga sirkumstansya para sa kabutihan ng magkabilang-panig, maaari niyang gawing *closed-door* ang imbestigasyon. Maaari niya ring ipagbawal ang pagpalabas sa publiko ng pangalan, personal na datos at anumang impormasyon na maaaring magpakilala sa biktima at/o sa inirereklamo, pati na rin sa mga detalye ng reklamo (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);
- (2) Ipabatid sa magkabilang-panig na maaaring gawin ang imbestigasyon sa wikang kanilang naiintindihan (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);
- (3) Bigyan ng *notice* ng mga iskedyul ng imbestigasyon ang magkabilang-panig.

***Ano naman ang mga karapatan ng biktima sa inquest o preliminary investigation?***

Ang mga sumusunod ang ilan sa mga karapatan ng biktima sa *inquest* o *preliminary investigation*:

- (1) karapatang hilingin na gawing *closed-door* ang imbestigasyon (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);

- (2) karapatang hilingin na huwag ilabas sa publiko ang kanyang pangalan, iba pang personal na datos at anumang impormasyon na maaaring magpakilala sa kanya, at mga detalye ng kanyang reklamo (*Sec. 5, Republic Act No. 8505*);
- (3) karapatang mabigyan ng *notice* ng mga iskedyul ng imbestigasyon.

### **PAG-ISYU NG WARRANT OF ARREST AT PAG-ARESTO SA AKUSADO**

Kapag naisampa na ng piskal ang kaso sa korte at kumbinsido ang korte na may *probable cause* ang kaso, mag-iisyu ang huwes ng *warrant of arrest* upang dakpin ang akusado. Kung ang panggagahasang ginawa ay ang pagpasok ng ari ng lalaki sa ari ng babae, ito ay walang piyansa. Kaya't habang patuloy ang kaso, nakakulong ang akusado. Ngunit may karapatang magpiyansa ang akusado kung ibang akto ng panggagahasa ang kanyang ginawa.

### **ARRAIGNMENT**

Ang *arraignment* ay ang pagbasa ng reklamo sa akusado sa loob ng korte at ang pag-amin o pagtangga ng akusado ng paggawa niya ng krimen.

Ang *arraignment* ay kinakailangang maisagawa para makapaglitis sa kaso. Sa *arraignment*, kinakailangang personal na haharap sa korte ang akusado. Dito siya babasahan ng reklamo laban sa kanya at kanyang aaminin o hindi ang krimen.

Kung ang akusado ay nagtatago at hindi pa naaaresto ng korte, hindi maaaring magkaroon ng *arraignment*. Hindi rin maaaring maglitis ng kaso.

### **PRE-TRIAL CONFERENCE**

Sa *pre-trial conference*, maghaharap sa huwes ang nagrereklamo at ang akusado, kasama ang piskal, pribadong abogado ng biktima (kung mayroon), at abogado ng akusado. Pag-uusapan sa *pre-trial conference* ang mga sumusunod:

- ang posibilidad na ang akusado ay aamin sa mas magaan na krimen o sa isa o sa ilan sa mga krimeng iniharap para makakuha ng mababang parusa; ang proseso ng pag-uusap hinggil dito ay tinatawag na *plea bargaining*;
- pag-amin sa mga datos o detalye ng kaso;
- pagmamarka ng mga ebidensiya ng magkabilang panig;



- pag-alis (*waiver*) ng anumang pagtutol sa mga ebidensiyang ibibigay pagdating sa paglilitis; at
- iba pang mga bagay na makakatulong sa pagpapabilis at pagiging makatarungan ng paglilitis.

Anumang kasunduan o pag-amin na magaganap sa *pre-trial conference* ay dapat isulat at pirmahan ng akusado at ng kanyang abogado. Dapat ding maglabas ng *order* ang korte na nagdedetalye ng mga isinagawa, mga inamin, pinagkasunduan, at mga ebidensiyang minarkahan sa *pre-trial conference* (Secs. 2, 3, at 5, Republic Act No. 8493 [1998]).

### **PAGLILITIS (TRIAL)**

Sa paglilitis, patutunayan ng nagreklamo ang mga elemento ng panggagahasa. Ito ay ang paggawa ng akusado ng isa sa mga akto ng panggagahasa at ang sirkumstanya na nagpapakita ng kawalan ng pahintulot ng biktima. Ipapakita naman ng akusado na hindi totoo ang akusasyon.

